



CHILDREN'S
HOME
SOCIETY OF
CALIFORNIA



HANDA NA PARA SA ESKUWELA...HANDA NA PARA SA TAGUMPAY!

Bilang magulang, kayo ang una, at pinakamahalagang guro ng inyong anak. Sa ibaba ang listahan ng mga kakayahang makakatulong sa inyong anak na matuto bago sila magsimula sa Kindergarten. Naniniwala kaming ang sumusunod na **Mga Pangunahing Galing (Sariling Kalakasan)** at **Mga Galing sa Pag-aaral (Mga Kakayahan sa Karunungan)** ay makakatulong sa mga bata na maabot ang tagumpay sa eskuwela at buhay. Sanayin ang mga kakayahang ito sa inyong anak sa pamagitan ng paggawa sa mga aktibidad sa kit na ito, at makita siyang natututo, lumalaki, at nagtatagumpay!

★ KATATAGAN

Ang abilidad na mapanatili ang positibong pananaw, labanan ang stress, kayanin ang mga balakid, tanggapin ang mga hamon, at panagutan ang mga pasya.

★ KAGALINGAN

Ang pagkakaroon ng mabuting pisikal, emosyonal, pangka-isipang kalusugan. Kabilang dito ang plano para sa masustansyang pagkain, sapat na tulog, regular na pagpapatingin para sa kalusugan, paglinang ng positibong pagpapahalaga sa sarili, pagkakaroon ng layunin sa buhay, at suporta mula sa pamilya at kaibigan.



★ MGA KAKAYAHAN SA PAKIKIPAG-UGNAYAN

Ang kakayahan na makabuo nang malakas, positibo, may pagmamahal na relasyon, makisama nang tama sa mga kaibigan at nakatatanda, makipag-ayos, malutas ang mga hindi pagkakasundo, at ipakita ang lakas ng pagkatao kabilang ang katapatan, integridad, at pagiging sensitibo.

★ PAGKONTROL SA SARILI

Ang abilidad na makontrol ang mga biglaang damdamin at asal, tukuyin at pangasiwaan ang damdamin, makisama, makipag-ayos, at tumugon sa mga tao at situwasyon ng naangkop.

★ KAKAYAHAN SA KRITIKAL NA PAG-IISIP

Ang abilidad na magplano, magtakda ng hangarin, magpasya, suriin ang impormasyon, lutasin ang problema, at malikhaing pag-iisip.

★ WIKA AT KARUNUNGAN MAGBASA AT MAGSULAT

Upang maranasan at sanayin ang pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at kakayahang magbasa sa Ingles, gayundin ang wika ng anak sa tahanan.



★ MATEMATIKA

Upang makilala ang mga numero, hugis, pattern, sukat, at mga kulay. Magsanay sa pagbibilang, basic na kahusayan sa addition at subtraction gamit ang mga bagay. Tasahin ang layo, tulin, timbang, dami at bilang, pati na ang pag-unawa sa mga konsepto ng oras (nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap).

★ AGHAM

Ang abilidad na maunawaan ang sanhi at epekto (hal: Kung diligan ko ang halaman, pagkatapos lalago ito.); siyasin ang mga likas na proseso (hal: Tinutuyo ng sinag ng araw ang ulan.); siyasin at alamin ang kalikasan sa pagkilala sa mga likas na bagay (hal: mga bato, kabibi, tubig, hayop, at insekto); gamitin ang mga pamilyar na bagay sa mga bagong paraan (hal: Gumawa ng robot sa pag-tape ng rolyo ng apat na papel sa kahon ng tissue.); magtanong; at gumawa ng mga paghuhula.

★ MGA PAG-AARAL SA LIPUNAN

Para magkaroon ng mga pagkakataon na maunawaan ang kanyang sariling kasaysayan ng pamilya at kultura, upang maranasan ang mga kultura ng iba at maihambing ang mga pagkakaipareho ng mga bahay, pamumuhay at mga kasanayan. Ang kakayahang makilala ang komunidad nila at mga taong nagtatrabaho doon (pulis, mga bumbero, mga kartero, atbp.), at makita sila bilang bahagi ng komunidad na iyon.

★ MALIKHAING SINING

Upang maranasan ang magkaka-ibang paraan ng pagpapahayag ng pagiging-malikhain gaya ng: pagguhit, pagpinta, paglilok, paggamit ng puppet, pagkanta, pagsayaw, pag-arte ng mga kwento, at paggawa ng musika.



Minamahal na Magulang o Tagapag-alaga,

Ibinibigay nitong **Paaralan Pagiging Handa Kit** ang mga matutunang karanasan para sa inyong anak sa preschool! Pakulayan sa anak ninyo ang eksena sa eskuwela at ang mga papel na manika. Tulungan ang inyong anak na gumupit ng papel na manika, at pagkatapos gamitin ang mga ito upang magpanggap na magki-kindergarten ang mga papel na manika!

Maglaan ng oras sa inyong anak kada araw sa pag-alam sa mga kulay, hugis, at aktibidad. Maaaring magbigay ang kasangkapang ito ng mga nakatutuwang aktibidad kapag nasa kotse at bumibiyahe, magkatabing nakatayo sa linya, o pagbibigay ng oras sa pamilya nang sama-sama sa bahay. Tandaan, ang pagbibigay ng oras sa inyong anak ang unang bagay na maaari ninyong gawin para magkaroon ng malaking epekto sa kinabukasan ng inyong anak, at kahandaan nila para sa kindergarten. Magkasamang magsaya!

Naghahanda na ako para sa Eskuwela!

Ipagupit sa inyong parisukat sa ibaba. Pagkatapos ibaligtad ang mga parisukat at paghaluin ang mga ito at papiliin ng isa ang inyong anak. Basahin ito at kumpletuhin ang aktibidad na magkasama!

PAGKONTROL SA SARILI

Gumawa ng masaya, malungkot, at galit na mukha. Ano ang ginagawa ninyo kapag malungkot o galit?



WIKA AT KARUNUNGAN MAGBASA AT MAGSULAT

Basahin, o sabihin, ang inyong paboritong kwento nang pabaligtad.



MATEMATIKA

Paghaluin ang ilang mga medyas at hanapin ang mga magkapareha at bilutin ang mga ito nang magkakasama.



MGA KAKAYAHAN SA PAKIKIPAG-UGNAYAN

Kapag may hindi kayo pinagkakasunduan ng kaibigan, ano ang gagawin ninyo?



KAGALINGAN

Magbanggit ng 3 malusog na pagkain na kinain mo ngayon at ipaliwanag bakit malusog ang mga ito?



MALIKHAING SINING

Awitin ang paboritong kanta. Ano ang maari mong patugtugin sa instrumento habang kumakanta ka?



KRITIKAL NA PAG-IISIP

Ano ang magagawa mo sa 2 piraso ng papel, wala lamang kahon ng tissue, pangkulay, gunting, at tape?



MGA PAG-AARAL SA LIPUNAN

Sabihin ang inyong paboritong kwento sa isang tao sa inyong pamilya.



KATATAGAN

Iguhit ang larawan ng taong nag-aalaga sa iyo.




AGHAM

Diguhit ang larawan ng mga bagay na nakita mo sa kalikasan sa labas ngayon.





CHILDREN'S
HOME
SOCIETY OF
CALIFORNIA




Malikhaing Paglalaro

Tulongan ang inyong anak na kulayan at gupitin ang bagay sa ibaba. Ikaw at ang inyong anak ay maaring gamitin ang mga ito upang lumikha ng mga sarili mong kwento tungkol sa pagpunta sa eskuwela at paglalaro sa labas. Mabuting paraan ito upang matulungan ang mga bata na maging mas palagay sa pagpasok sa eskuwela dahil ito ay nagbibigay ng daan sa kanila para magsanay at magplano para sa karanasan.




basketbol



lagayan ng baon




napsak






aklat



mga pangkulay



pintura



Pakulayan sa inyong anak ang eksena sa itaas at gamitin ang mga ginupit na malikhaing paglalaro upang magpanggap na naglalakad sila papunta sa eskuwela sa larawan!



Mga Ideya para sa Mga Pag-uusap ng Pamilya, Pagkatuto, at Kasiyahan

Maari ba ninyong pangalanan ang mga hugis at kulay?

MATEMATIKA AT AGHAM:

- Kapag naglalakad kayo, o naglalaro sa parke, gamitin ang katawan ninyo para sukatin ang mga bagay na nakikita ninyo. Makakahanap ba kayo ng dahon na kasing-haba ng inyong kamay? Makakahanap ba kayo ng damo na kasing-haba ng inyong daliri? Makakahanap ba kayo ng halamang kasing-taas ninyo?
- Sa isang mainit na araw, magdala ng sponge, brush, at timba na may tubig sa labas. Magpinta ng mga larawan sa tabi ng daan at panoorin kung ano ang mangyayari.



MGA PAG-AARAL SA LIPUNAN:

- Ano ang mga espesyal na araw na pinagdiriwang ninyo sa inyong pamilya, at ano ang ginagawa ninyo?
- Gumuhit ng larawan kung saan kayo nakatira (tahanan, estado, bansa, atbp.)

KRITIKAL NA PAG-IISIP:

- Gumuhit ng mapa ng inyong bahay.
- Tipunin ang mga walang lamang kahon, mga pina-ikot na mga papel na tuwalya, tape, gunting, at pangkulay. Ano ang kaya ninyong gawin?
- Kung may 2 taong gustong gumag amit ng magkaparehong laruan, ano ang dapat ninyong gawin?

KATATAGAN & PAGKONTROL SA SARILI:

- Iguhit ang larawan, o gumawa ng listahan, ng mga bagay na ikaw ay mahusay sa paggawa. Tulungan ang isa't isa na magdagdag ng mga bagay sa inyong mga larawan o listahan.
- Lumikha ng plano nang sama-sama kung paano makayanan ang mga mahirap na sitwasyon, damdamin o hindi pagkakasunduan. Halimbawa: Ang ating "Ako" plano y ntoh, Humihinga ako, Nag-iisip ako, Kumikilos ako.

KAGALINGAN:

- Gumawa ng lingguhang plano para sa pagkain at listahan ng bibilhing pagkain ng magkasama.
- Maglakad ng 15 minuto pagkatapos ng hapunan.



MALIKHAING SINING:

- Sayawin ang paborito mong musika.
- Kaya ba ninyong gumalaw tulad ng isang hayop? Mag-isip ng hayop at subukang kumilos ng katulad nito.
- Iguhit ang sarili ninyong larawan.

MGA KAKAYAHAN SA PAKIKIPAG-UGNAYAN:

- Gumawa ng card para sa isang taong kilala mo.
- Gumawa ng album ng mga larawan ng pamilya at pag-usapan bakit mahalaga ang mga taong iyon sa iyo.

WIKA AT KARUNUNGAN MAGBASA AT MAGSULAT:

- Isipin ang tungkol sa inyong paboritong hayop. Gumuhit ng larawang kwento ng hayop na iyon. Makakatulong ang isang nakakatanda na isulat ang mga salita.
- Ipalabas ang "Simon Says".
- Magbasa ng 1 aklat bago matulog.
- Umawit ng 1 kanta sa umaga.